

**Presidential Communications Operations Office  
Presidential News Desk**

**TALK TO THE PEOPLE OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE  
ON CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)**

[24 August 2021]

**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE:** Magandang gabi mga kababayan kong Pilipino. Again, we are here to make a report to the people of the Philippines regarding lahat ito: it could be projects, it could be purchases, it could be something else, but at the end of the day, it is still money.

So it's very important ngayon, especially with the 'yung finding ng COA, which turned out to be walang corruption, walang nawala, ngayon na lang sinasabi nila, and yet the damage had already been done. Kasi nga paglabas ng COA, basta COA report, flag, flag, flag, ang perception talaga ng tao, the popular notion is that you are flagged because there is corruption, there is shortage of funds and you cannot explain, that's the reason why.

So ngayon after nagalit ako kasi wala naman talaga, I was assured by the Department of Health na wala, eh 'di nagalit ako kaya ang sabi ko sa kanila whenever you come up with a study, be sure. Sabi ko ano ba talaga 'yan?

Ngayon sabi nila, at this very late day, nag-issue sila ng statement walang corruption daw at walang nawawalang pera. Pero in the process, they had already painted black the white people there. Iyan nga ang masama diyan kasi ang sabi ko nga magtanong ka ng sampung tao on the streets, in all probability 'yang sampu magsabi "eh ayan 'yung COA ngayon naglabas ng ano corruption." So nasisira si Duque, nasisira lahat ang sa departamento ng health, at ako naman, it would reflect on me as President. That is why I was so interested I followed it up with them.

Ngayon lumabas na wala pero ayon tapos na napinturahan na si Duque ng itim, eh ang puting-puti niya. If you want to paint your... If you want to destroy your enemy, just paint him black. Ganoon 'yan eh.

So hindi ko sinasabi sinasadya 'yan ng COA. Hindi ko rin sinasabi hindi dapat gawain ng COA, dapat gawin niya. Hindi ko rin sinasabi na may sinadya siya, wala. Trabaho nila 'yan. Ang akin lang is the presentation. Dapat diyan in your findings there should be a sort of a preamble na this is an audit report tapos wala kaming nakita, there is no corruption, there is no loss of funds, tapos bago ninyo i-summarize lahat. Para ang mga tao magbasa is put on notice that he is reading something other than corruption and malpractices.

Eh ito ngayon nangyari na so ang ano is lamunin na lang ng mga tao. Eh gusto nila na si Duque, I'll fire him, dismiss him. For what? Noon pa 'yan, ilang buwan na 'yan gusto nilang alisin si Duque. Sabi ko nga na wala naman akong nakita. Hindi naman ako g\*\*\* na --- g\*\*\* na abugado na hindi ako marunong magbasa ng... And to think that I was a prosecuting fiscal and on top of that, I was one of the two special prosecutors ng Tanodbayan noon, 'yung forerunner ng Ombudsman. Kaya lahat kaso ko noon ito 'yung mga audit-audit, 'yung mga treasurer, auditor. Kaya minsan ako naaawa kasi 'pag ang mayor nagsabi "pirmahan mo 'yan," pipirmahan talaga 'yan. Pagdating ng sa panahon, you are on your own. Ganoon ang style sa Pilipinas eh.

Eh mahirap 'yung ganoon because whatever be the environment of the time, you have to observe fairness. Ako fair lang talaga ako. Now kayo may nagsasabi na makakasira daw sa akin 'yan si Duque, then so be it. I will not commit an act of iyang... Mahirap, it could be one million persons, it could only be one. Hindi ko kaya ng... Kinuha ko nga si Duque, nilagay ko diyan, tapos ngayon nagka --- 'yung COA may ibang --- iba-iba ang findings, napinturahan siya ng itim. Ako ang kumuha tapos I'll just fire him? For what?

So where is your sense of fairness? Ako, ako ha, ako. Kayong hindi nakaalam ng istorya, okay lang. Now ngayon, kung si Duque will offer to resign voluntarily, tatanggapin ko. Pero kung sabihin mo ako ang magsabi sa kanya "mag-resign ka", that will never happen, that will never happen. Pero 'pag may nakita ako ng mali sa kanya, maski sampung libo lang o singko mil, talagang sabi ko yayariin kita kasi ipahamak mo ako sa tao eh. Nilagay kita diyan tapos sisirain mo ako by committing...

Ilang Cabinet members na --- naalaala ninyo ilang Cabinet members na ang pinatalsik ko? Cabinet members kasama namin. Hindi lang nga napa-publicize. Eh for one reason or another, maybe media would not want to add more humiliation sa ano. Kasi 'pag pinaalis kita, that could only be one thing, that you are corrupt. Wala akong rason. Sinabi ko na sa inyo, 'pag pinaalis kita there's ... Iyong sabihin mo na negligence, that can be cured. Time and again I have always admonished 'yung mga Cabinet members na, "Adre, medyo bilisan mo kaunti diyan," things like that.

Pero 'yung outright dismissal because it is the clamor of the public. Maski kaming dalawa na lang ni Duque and the rest of the Philippines, I will stand by him. 'Pag nasira ako, eh 'di nasira. But I will never abandon a person just like that na paanohin mo ng walang kasalanan. Mahirap 'yan, mahirap 'yan.

G\*\*\* ako pero I have my --- may mga boundaries ako sa buhay ko na hanggang dito lang ako. May katarantaduhan ako pero hanggang dito lang ako. Iyong mga ganoon. Kagaya ng droga, I never said that "patayin mo si Mr. Santos, Mr. Enriquez, patayin mo si Mr. Domdom." I never said... I said plainly destroy the apparatus. If you are a member of that apparatus, then I am very sorry if you die because I said you are destroying my country. Ganoon kasimple 'yan.

And I will not itong mga ano, itong mga operating, both military and the police, pagka nasa mission sila in the performance of their duties and in connection with the prosecution of crimes against terrorism, droga, sa lahat na criminal, carnapper, ako 'yan. Dito kayo magtingin sa akin, dito kayo.

Hindi ko 'yan sila inutusan mamatay pero in the course sa pagtrabaho nila, nagkabarilan, nagkapatayan, akin 'yan. Wala 'yan sila, akin 'yan. Inutusan ko lang 'yan sila. Iba 'yung mag-utos sila mag-salvage-salvage na ganoon. Hindi man rin ako papayag kasi masisira ka eh.

Iyang salvage nakaluhod, nakatali. At saka kung when I confront them, "Kayo ba may trabaho nito? Bakit pa --- bakit pa ninyo talian ang p\*\*\*? Bakit 'di na lang ninyo patayin kaagad? Why do you have to go into this rigmarole of...?" Sabi, "Hindi 'yan amin, sir." Ah sinabi ko nga eh.

Sila-sila 'yang mga drug addict, mga drug pusher kasi nagdududahan na 'yun ang nag-piyait (squeal). 'Pag may na-raid na drug lord, magdududa siya na itong isang drug lord na ito ang nagpindot. Kaya 'yang mga lieutenants diyan, 'yan tinatalian, binabalutan, pinapatay. Eh ayaw ninyong maniwala, eh 'di huwag. Basta 'yan ang totoo.

Ang pulis --- 'yan mayroon, kita mo 'yung na-convicted, eh 'di binaril nila harap-harapan. Eh may camera, ah 'di convicted. Hindi ko naman sinasabi na ang tao na nakalupaypay na barilin mo pa. Ikulong mo na lang. Mas maganda 'yang kulong kasi mas masakit. Biruin mo kulong ka diyan sa mga...

Ang akin --- ang akin, sabi ko 'yung... Totoo 'yan ha, 'pag mag-hostage ka --- sa Davao, maski dito --- 'pag mag-hostage ka, huwag mo talagang isipin na makiusap pa ang gobyerno. Huwag mong isipin na magtawag ka ng mga radio station, magpa-interview ka. P\*\*\*.

'Pag mag-hostage ka ng tao, you are committing a crime. At the first opportunity, 'pag masilip ka ng --- sa crosshair ng baril ng pulis, patay ka. I will not allow 'yang, "Hala kausapin ako kasi galit ako sa mundo." Eh kung... Kayong mga pulis ganoon. Huwag mo akong bigyan niyan pa-drama-drama na eventually pinatay rin.

I remember kagaya nitong sa [Philtranco] noon when I was still mayor, nag-hostage ng bata tapos pa ano, karaming pulis. Eventually ang bata sinaksak, sabi ko p\*\*\*\*\* i\*\*. Gusto kong pumunta dito, gusto kong sipain 'yung mga pulis. Anong klase?

Kaya 'pag may hostage mamatay, bantay kayong mga pulis. Early --- the earliest opportunity na may masilip kayo, barilin ninyo. Iyan ang utos ko. Diyan ako ang magpakulong kung makulong man ako. Huwag mo akong bigyan niyang mga drama-drama na... 'Di magdemanda.

'Pag magda --- maghingì ng mga radio station, eh pinagbibigyan kaagad ninyo tapos nagda-drama. "Galit ako..." "Eh, sir, in the end, nag-surrender." Hindi 'yan ang --- that is not... Eh kung hindi nag-surrender? Kagaya noong bata na sinaksak sa harapan ng tao.

When you are committing a crime, you are committing a crime. You are a target for neutralization. Eh kung matamaan ka sa ulo dahil ulo naman talaga ang tina-target diyan, eh pasensya, ganoon 'yan. Those are the nuances na malaman ninyo sa akin.

Ngayon, eh si... All I can say, nandito man si Secretary Duque. Eh alam mo na ganoon naman talaga ang gobyerno. Matagal ka naman sa gobyerno. Panahon ni Gloria, ikaw 'yung Health Secretary eh. So alam mo na talaga 'yung nuances, 'yung... You cannot please them all. Basta tayo trabaho lang, period.

Ang sinabi ko kung magtanong ka, "Anong gawain dapat natin?" Gawain mo ang tama. "Sir, nabaril ko kasi nang-hostage." Iyan ang tama sa batas. Sabihin ko sa inyo iyan 'yan. Kung ano ang lumabas sa bunganga ko, batas 'yan. Hindi akin. Hindi ako gumagawa ng sarili kong batas. Kaya kayong mahilig maghigop ng shabu tapos mag-hostage-hostage kayo? T\*\*\* i\*\*. One idiot out of this world will be better for us.

Now, 'yung presentation namin ngayon always, ito pera. Pera, pera ito, pera ng gobyerno. Anong nangyari sa --- anong paggamit ng pera?

So our presenter today is Secretary Ramon Lopez of the DTI, Department of Trade and Industry. Siya ang maggawa ng report. Pakinggan ninyo kasi 'yan makita ninyo saan 'yung pera.

Secretary Lopez, you can proceed.

**DTI SECRETARY RAMON LOPEZ:** Maraming salamat po. Magandang gabi po, Mr. President, Mayor; Senator Bong Go; at mga kasama sa Gabinete; fellow workers in government; sa sambayanang Pilipino, magandang gabi po sa inyong lahat.

I am pleased to share these updates from the Department of Trade and Industry. Layunin po namin sa DTI na mabigyan ng mas masagana at maginhawang buhay ang bawat Pilipino ayon sa vision po ng ating Pangulong Duterte. Ang DTI ay inatasan ng batas na magtrabaho upang maka-develop ng isang globally competitive at innovative industry and services sectors na tutulong sa paglago ng ekonomiya upang mabigyan ng maraming oportunidad ang bawat Pilipino upang umunlad ang kabuhayan at mabawasan ang kahirapan.

Sa bawat trabaho at negosyo po kasi na ating maitataguyod, isang pamilya ang mahahango sa kahirapan basta ho may trabaho. Ito po ang nais nating makamit para magkaroon ng inclusive prosperity.

Ang aming strategy po para maabot po ito, nakapaloob sa tatlong bagay. Sinimplify (simplify) po namin ang trabaho ng DTI: TNK - Trabaho, Negosyo, Konsyumer --- consumer protection.

Sa pagtutok sa tatlong bagay na ito, trabaho, negosyo, konsyumer, mararating natin ang tinatawag na inclusive growth and prosperity kung saan lahat ng mamamayan maging ang pinakamahirap ay makikinabang at makakasama sa pag-angat sa antas ng buhay.

Sa trabaho, ang role ng DTI ay paramihin ang available na trabaho para sa mamamayan sa pamamagitan ng paglago ng industriya, investment, exports. Atin pong pinapadami ang investments upang maparami ang trabaho. Pinapaganda po natin ang investment climate para mahikayat ang marami pang mamumuhunang investors.

Salamat po, Mr. President, sa pagpasa ninyo nung mga mahahalagang batas na nagreporma ng business climate sa ating bansa. Una na dito po 'yung recently passed na CREATE Act, 'yung Corporate Recovery and Tax Incentives for Enterprises (CREATE) na nagbaba ng corporate income tax mula sa 30 percent pababa sa 25 percent, at lalo na kung micro SME ka pa ay magiging 20 percent, again, mula sa 30 percent. Malaki hong pagbawas 'yun. At pinalawak din nito at isinaayos ang fiscal incentives, 'yung pagbigay ng mga tax holidays.

Pinirmahan po rin ninyo, Mr. President, at certified urgent 'yung tatlo pang reporma na panukalang batas para mahikayat na mas marami pa ang foreign investment dito tulad ho noong pag-revise ng mga Retail Trade Law, 'yung Public Service Act, pati ho 'yung Foreign Investment Act.

Inyo rin pong pinirmahan 'yung Ease of Doing Business Act noong 2018 na napadali ang proseso ng mga transaksyon sa government agencies. Nagbigay po ng maximum, 'yung sinasabi po niyo, three days processing lang for simple transaction. Seven days pagka complex transaction, 'yung mahirap-hirap. At 'yung pinakamahirap, 'yung highly technical transaction, 20 days maximum.

So ito po ini-implement na po ngayon ng Anti-Red Tape Authority o ARTA at sila po ay nagfa-file ng mga kaso doon sa mga hindi sumusunod. Aside from that, nagkakaroon po tayo ng parang digitalization or ino-automate itong mga --- mga sistema na 'to, i-explain ko po mamaya.

Marami pang ibang reporma tulad nung Revised Corporation Code, Philippine Innovation Act, Innovative Start Up Act, pati Telecommuting Act, at mga Free Trade Agreements tulad nung recently noong November po tayo sa ASEAN at atin pong pinirmahan 'yung Regional Comprehensive Economic Partnership o RCEP na nag-aangat sa Pilipinas upang maging isang preferred investment destination.

Pinalakas din po ang ating investment promotion efforts ng DTI at saka BOI. Ang mga investments po na pumasok ay naglikha ng maraming trabaho at nag-angat ng level ng technology. Sa bawat investments po may kasamang technology improvement sa mga manufacturing ng mga operation po ng ating mga kompanya.

Isa pong example 'yung Dyson Electronics na naglipat ng kanilang facility mula sa isang Southeast Asian country nilipat nila sa Pilipinas. Ang Dyson Electronics ay isang malaki at saka highly advanced British technology company na gumagawa ng mga --- 'yung sikat at high-tech na mga vacuum cleaners, hand dryers, 'yung walang blade na electric fan na mga bladeless fans, humidifier, purifiers, mga lightings 'yung ilaw, dryers, heaters, using advanced technology.

Nakakatuwang malaman na kahit sa panahon ng pandemic ay mataas pa din ang confidence ng investors na mag-invest sa mga mid- to long-term projects na nagdadala ng progreso sa bansa.

Noong 2019, sa termino po ninyo, Mr. President, nakamit natin ang pinakamataas na approved investments sa Board of Investments (BOI), sa loob ng 53 years na umabot ang registered investment, 1.4 trillion pesos, first time hong lumagpas ng trillion pesos, 1.4 trillion.

Last year... So 2019 po 'yun. Last year naman, 2020, bagama't may pandemic, umabot pa rin tayo sa 1 trillion pesos na na-approve na investments ng BOI. Ito po ay inaasahang magresulta sa mahigit-kumalang na 766,000 na karagdagang trabaho. Kung isasama pa 'yung mga investment tulad sa mga PEZA zone, 'yung mga eco-zone, eh mas malaki pa ho ang numero dito, mahirap nang bilangin, 5.2 trillion pesos. Halos kasing size pala ito ng ating budget. Ito po'y mula noong 2016.

Ang pagtaas ng investment ay may epekto sa paglago ng ating manufacturing sector na kahit may pandemic ay lumalagpas sa 50 'yung index, 50 'yung threshold, Mr. President, or ito 'yung PMI - Purchasing Managers' Index.

Any number above 50, ibig sabihin may growth, may expansion. Any number below 50, may pagliit, may contraction. Kaya po noong last year, noong nag-ECQ tayo, 'yung manufacturing index na 'yan dati lagpas 50 tayo parati, naging 32 last year, talagang bagsak. Huminto 'yung activity dahil 'yung ECQ natin last year talagang maraming sarado na operation.

Pero, thankfully, 'yung IATF naga-adjust po. Itong taon na 'to na nag-ECQ tayo noong March, ang manufacturing, lalo na ng exports, pati ho 'yung mga BPO, in-allow po natin 100 percent kasi ho ito 'yung mga labor intensive. So binalanse po ng IATF ang ECQ natin allowing 'yung mga very critical industries and workers. So malaki ang natulong noon, hindi nawala 'yung

trabaho at gumanda pa 'yung manufacturing index natin. Ibig sabihin, naka-recover tayo mula sa 32 index last year.

Sa paglago ng investment --- dahil marami --- malakas ang manufacturing, pati ho 'yung pag-export natin lumakas. This year, bumawi na tayo 72 percent growth. Kung iyi-year to date po natin, January to June, ang ating exports po ay lumaki at 29 percent growth. Last year, bumagsak ng 50, 50 percent bagsak last year.

So nag-recover na tayo. Ngayon po ay year to date, 29 percent growth. So ibig sabihin, 'yung 29 percent, baka sabihin, "Ah kasi mababa 'yung base last year, 2020." Hindi lang. Mas mataas pa itong year natin ngayon versus 2019 na pre-pandemic. Ibig sabihin talagang may growth po tayong na-achieve. Dahil, again, noong ECQ natin noong March, April, in-allow natin 100 percent operating capacity ito pong mga export sector. So malaking bagay po 'yun.

Ang malaking bahagi po ng ating exports, for information lang po ito, over 62 percent, actually, we are producing electronics. Iyong mga laman ng ating mga electronic devices. Tayo po ay part ng isang global value chain. Lahat po ng country they don't produce all the parts, parang isang parte lang at ipapasa-pasa sa bawat country. So ganoon po ang nature nung mga electronic components. Kaya po ito po ay isang investment, over the years lumaki nang lumaki at ngayon over 62 percent ng ating exports electronics. At nationwide po, alam naman po ninyo 'yun na dahil sa mga eco-zones natin, Luzon, Visayas, Mindanao. At ang top export market, US, China, Japan at EU, combined. Majority po nito, as mentioned, electronics, mga machinery, mga transport equipment.

Mr. President, nakabuti 'yung foreign policy ninyo doon sa independent foreign policy dahil... Example na lang ho, lumaki nang malaki 'yung export natin sa China. Ang exports ng Pilipinas sa China noong 2015 ay 6.1 or --- yeah, 6.2 billion dollars. Noong 2019, fast forward to 2019, ito ay 9.8 billion dollars na. So 59 percent growth in four years.

So talagang tinatanggap ang produkto natin at mas maluwag nakakapasok sa China. In fact, idagdag ko na rin, even on investments na dati practically walang investment from China ay lumaki rin po itong administration --- sa administration ninyo ang investments galing sa China. Even if we look at 'yung pandemic ngayon, 2021, January to June, ang growth from --- export growth natin to China, January to June this year versus same period last year, 34 percent growth.

Isa pa sa magandang nangyari sa Pilipinas sa termino ninyo, 'yung pagbuo nung Regional Comprehensive Economic Partnership or RCEP noong November last year, noong ASEAN. Dito po tayo nag-meeting noon, pinirmahan po natin 'yun at ito po ay makalipas ang walong taong negotiation, ngayon lang natapos sa panahon po ninyo. Ang RCEP ay isang makasaysayang free trade agreements. Sampung bansa ng ASEAN, kasama 'yung mga free trade partners, tulad ng Japan, Korea, at China, Australia, New Zealand.

Isa pa sa mga ginawa ng DTI mapalago ang investment 'yung pinadali po natin 'yung proseso. Nabanggit natin kanina 'yung Ease of Doing Business kasama ang ARTA at iba-ibang ahensya tulad ng DICT, SEC, BIR, SSS, PAG-IBIG, PhilHealth, FDA, LGUs. Kaya ko nabanggit ito, ito ho 'yung dinadaan ng bawat nagrerehistro ng business. Alam po ninyo 'yun as mayor, nag-i-issue kayo ng business permit bago ho pumasok sa Davao City Hall ay dumaan na 'yan sa either SEC or DTI, dumaan sa SSS, PAG-IBIG, PhilHealth, bago mayor's permit, pagkatapos

BIR. Iyan po ang dinadaan ng isang nagrerehistro. Dati ho halo --- umaabot ng isang buwan 'yung proseso na 'yun, lagpas isang buwan. Ngayon ho five to seven days.

Okay. Tapos dahil ho kinomputerize (computerize) natin, digitalization, central business portal, nasa computer na, doon na magfa-file. Pinapaikli pa ho natin 'yan. Before the end of the year, 'yang five days na 'yan to seven days, tina-target po namin one day, within one day. Hinihintay na lang po namin 'yung improvement sa SEC na tuluyang pinaikli pa 'yung proseso nila para within one day business registration, end-to-end, from SEC to the BIR, lahat nung ahensyang binanggit, lahat simultaneous, one day sa online, pati online payment na rin.

Example, nagawa ho natin kasi 'yan, kunwari sa DTI lang 'yung registration sa amin ng business name, ginawa po nating online. Pati 'yung payment, 'yung hindi na aalis 'yung magre-register. Kahit nasa bahay siya or nasaan siya, mag-register siya online kaya po in eight minutes. Kasi 'pag apply, online payment, eight minutes tapos na. So registered.

So kasama ho ito sa tugon --- tugon po natin ito sa nais niyong maging madali 'yung mga proseso, huwag nang pahirapan 'yung mga tao, ayaw niyong magkaroon ng pila. Kaya dahil po rin dito, dumami rin 'yung mga nag-register ng business sa nagre-register sa atin, lalo na 'yung online business. Last year, dahil pandemic, dumami 'yung online business. Dati nag-umpisa lang siya 1,800, natapos 'yung taon 88,000. So times 40, hindi 40 percent ha, times 40 ang dami nung nag-register.

So at --- 'yan po. At saka --- at saka 'yung online business na 'yun, 'yung 88,000, moving into 2021, mas dumami pa, 105,000. So just some numbers na ipakita na talagang tuloy-tuloy pa rin.

Maiba lang ako nang kaunti. Sa unang pagkakataon, ang Pilipinas ay nagkaroon din 'nung tinatawag na AI or Artificial Intelligence Roadmap. Ito po 'yung mga usapin ngayon sa mga technology. Inilunsad po ito ng DTI noong Mayo, at hindi lamang malalaking kompanya ang makikinabang dito. Kaya natin itinutulak ito kasi gusto natin pati micro SME ay makikinabang dito.

In other words, big companies will not have the monopoly of AI. Ang AI ay isang teknolohiya na magagamit ng kahit anong kompanya lalo na SME sa pag-process nung kanilang mga information. Kunwari, alamin nila, sa farmers, anong magandang itanim sa anong lugar, sa anong buwan? Sa mga kompanya, ano, saan ako mas magandang mag-put up ng next branch ko? All these information will be processed. Hindi na siya --- hindi na siya kokompyutin pa ng tao, AI na 'yung nagko-compute 'nun. Sa Central Bank din, imbis na 50,000 man hours ang gagawa ng mga pag-analyze nung financial statement, ngayon minuto na lang dahil po diyan sa AI na 'yan.

So ang gagawin po natin, ngayon po ang dami na naming kausap dito at i-incorporate po natin dahil nag-uusap po kami ni Secretary Dominguez, maganda ho itong AI ay gawing private sector-led, government initiated at i-involve natin maraming kompanya --- at saka kasama rin ang DOST sa mga usapan na 'to --- at magkaroon tayo ng isang National Center for AI Research. Ang technology partner natin dito, 'yung AIM, 'yung Asian Institute of Management Data Science Laboratory. In the near future, magiging big data AI processing hub na rin ang

Pilipinas. Itong nakikita natin na next center for excellence after BPO kasi sikat ang Pilipinas ngayon, BPO. Ito ang magiging next BPO natin, 'yung AI center for ano na 'yan, research center.

At ibig sabihin mas maraming magpapagawa ng AI analysis sa Pilipinas, as our service gamit ang AI. At siyempre, ito pong AI research ay higit na makakatulong sa pagiging --- pagtulong sa mga kompanyang maging mas competitive at efficient ang kanilang operations.

At ang maganda ho talaga dito kaya ho government ang tumutulak kasi as we provide those research projects, ang nate-train nito data scientists from universities na may trabaho sila, sinasagot nila 'yung industry problem with an AI solution. So makaka-develop tayo ng maraming data scientists at eventually ito po ay makatatayo rin ng mga AI companies nila or iha-hire sila ng mga kompanya. So mga high-tech ano na jobs ang mapo-produce nito, data scientist dahil masasanay silang mag-solve ng mga problema eh ng mga industry problems 'no.

So 'yun po 'yung talagang ninanais namin dito na 'yung developmental aspect nitong research center na 'to. Para siyang magiging next BPO natin. Alam niyo po ang --- para ma-compare lang ho natin, noong '70s --- kuwento lang na maikli --- noong '70s nauso ang OFW. Doon nagsimula ang overseas Filipino workers. Maybe a little before that. And now, ang overseas Filipino workers nakaka-generate tayo annually ng mga 30 billion US dollars, every year ho 'yan. And ilan ang OFWs? I think, may number dati about 10 to 12 million. Dami ho, madami, to produce the 30 billion.

Ang BPO industry simula noong 2000 up to now, lumalakas sa Pilipinas, the same 30 billion, more or less, ginagawa na lamang ng 1 million --- 1.3 million na employed sa BPO. Ibig sabihin, mas mataas ang --- kada tao mas mataas ang contribution.

So ang atin pong --- tinutulak ito dahil sa tingin namin ang AI, for the same output, ay mas kaunti ang magpo-produce nito leading to higher per capita contribution. Okay. Ang BPO po ay mayroong --- during your administration tuloy-tuloy ang paglaki nito. Kahit sa panahon ng pandemya, ito pong BPO ay isang industriya na --- ito po ay isang industriya na hindi nag-layoff itong pandemic. Patuloy ang pag-empleyo ng maraming Pilipino nationwide. Ang sektor na ito ay nag-eempleyo ng 1.3 million direct employment at indirect employment 4 million ang employed po nito, iyong mga nagsu-supply ng mga pangangailangan sa BPO, about 4 million. So again, ito po ay may annual output na 27 billion dollars, halos kasing-laki ng OFW. So iyon po 'yung trabaho part.

Bibilisan ko po. Sa susunod naman 'yung consu --- 'yung negosyo part. So iyong negosyo, ito ho 'yung --- ito naman 'yung focus natin sa micro SME development. Ang goal ng DTI magkaroon ng mga micro SME na magiging innovative, creative, makapag --- 'yung malikhain 'no na mga produkto at serbisyo.



Ibig sabihin, mas mataas ang value added ng competitive edge nila sa mundo ng negosyo. Ito rin po ang unang bilin ninyo sa akin noong una po tayong nag-meeting noong nagsimula po ako sabi niyo as DTI secretary nais --- sabi niyo, nais niyong tulungan ng DTI ang mga micro, small, and medium entrepreneurs. Sabi niyo tulungan natin 'yung maliliit na mga negosyo lalo na 'yung mga nagtitinda sa kanto, puhunan sa palengke, yung mga ganoon as basic as that.

Binanggit din po ninyo ito during the SONA, ang kahalagahan ng micro SMEs sa pag-unlad ng economy dahil 99.6 percent ng list --- listed enterprises are micro SME. Halos lahat, 0.4 lang ang large. So napakakaunti, halos lahat micro SME.

Kaya sa ilalim po ng inyong pamumuno, we accelerated 'yung support sa micro SME. Again, kaya kahit pandemya, tuloy ang paglago ng negosyo. Totoo po maraming naapektuhan na nagsarang maliliit na negosyo ng lockdown. Subalit nalagpasan ng mga bagong bukas na businesses ang dami ng nagsara. Ibig sabihin, mas maraming nag-register kaysa sa nagsara.

Kaya po if you'd just look at the numbers, noong 2015 before your time, 900,000 'yung registered enterprises. Fast forward 2015 --- ah that's 2015, fast forward to now, 2021, 1.9 million. So more than double po 'no. So from 900,000 to 1.9 million ang registered businesses.

Ang strategy po na ginagawa ng DTI para ma-accomplish ito, ginawa ho kami ng 360 degrees approach sa micro SME development: 7Ms. Binubuo ng pagpalit ng mindset --- kaisipan; mastery, 'yung kaya tuturuan sila ng mastery ng entrepreneurial skills; mentoring; money, pagbigay ng pera or pautang, micro financing; machine, shared equipment – nagsi-share sila sa isang equipment; market access, tutulungan kung saan magtitinda; at models of negosyo, mga idea 'no ng pagnegosyo.

Pakinggan natin 'yung kuwento ni Aling Carmen Alcotin na natulungan ng PPG na makapagtaguyod muli ng isang karinderya sa Cebu.

*[video presentation]*

Okay, thank you. Ganito din po 'yung ginawa natin sa Marawi --- Bangon Marawi initiative na layunin nating makatulong 'yung mga displaced people noong giyera ng Marawi. As of June, this year, 50,000 na rin ang livelihood starter kits na naipamigay doon. Okay.

So, sa larangan naman po nung money or pagbigay ng puhunan, tayo po ay nag-umpisa ng programa, Mr. President, 'yung Pondo sa Pagbabago at Pag-asenso, tatlong "P" or P3 ang tawag natin.

Dahil sabi ninyo --- ito rin noong bago tayo nag-umpisa, mga 2017, naalala ko nasa isang ASEAN country tayo, meeting ng gabing-gabi --- hatinggabi, midnight na ulit, dahil sabi niyo noon ayaw niyong mabaon sa utang na 5-6 iyong ating mga kababayan. So ito po iyong --- ang P3 ay isang response sa inyo pong panawagan to give Filipino access to finance para hindi na sila sa 5-6. Doon na sila sa pondo na ito. Sa maliliit na negosyante mababang interes at walang collateral. Short video lang po.

*[video presentation]*

Okay. Samantala paano naman 'yung mga nagsara na negosyo dahil sa pandemic? Iyan po 'yung mga itinatag natin naman na small business corporation na COVID-19 Assistance to Restart Enterprises (CARES). Ito po 'yung microfinancing program: zero interest, no collateral, at may grace period pa.

Tulad nung nangyari kay Ms. Marilou Arellano, si Marilou ay mayroong eatery at buko pie na nagsimula noong 2015. Naging popular sa turista at biyahero bago mag-pandemic. Maganda ang takbo ng kanyang negosyo bagamat nagsara noong ECQ. Nagdesisyon siya na magbukas muli para magkaroon ng kita ang kanyang empleyado. Dahil matumal 'yung business niya noon, siya ay nagtanggag ng mga empleyado. Pero noong nabalitaan niyang mayroon tayong Bayanihan CARES Program, galing po ito doon sa Bayanihan II na pinirmahan ninyong batas, nagkapondo po tayo at napahiram sa kanila 'yung mga zero interest, walang collateral. At unti-unting nakaangat na ulit ang kanyang negosyo at ang kanyang puwesto.

So isa lamang siya sa 33,300 natulungan ng CARES Program ngayong pandemic. As of yesterday, halos 5.3 billion na ang napautang nito sa mga tao --- napahiram nito. At karamihan dito, 90 percent nag-apply online. Para naman sa mga maliliit na negosyante na nag-aatubiling umutang, iyan po, iyong nagbigay naman tayo ng mga livelihood kits ano.

At isa pang bagong program under your administration na napalakas ang maraming SME ay 'yung tinatawag na Go Lokal! program. Ito po under your administration ito kung saan nabigyan natin ng magandang exposure na libre 'yung mga produkto ng SME.

Dahil kasi dati, napansin namin, 'pag tinulungan mo 'yung SME, ang problema nila, "Saan ko na ibebenta ito? May produkto na ako. Tinulungan ako paano pagandahin." So naisip po natin, innovation po natin 'to na bigyan natin sila ng tindahan. Dati sa trade fair. Eh tatlong araw lang ang trade fair. So sabi namin kailangan trade fair everyday. Ikinonek (connect) namin sila, ang mga SME, sa mga retailers diretso. Diyan kayo magtinda, everyday kayong may puwesto diyan. Libre, walang listing fee, walang rental. So iyon po 'yung ating ginawa po sa ating mga...

Iyan po mga Go Lokal! nasa mall, lalaban sa mga imported. Iyan din po ang ginawa natin sa OTOP Program, iyong kay Asec. Demphna 'no na OTOP Program. Papagandahin ang produkto, tapos bibigyan natin ng puwesto kung saan nila maibenta. Hindi natin iiwan na pagka maganda na, wala na alis na tayo. Hindi ho, hanggang maibenta 'yung produkto nila.

Okay. So last topic lang po. Sa trabaho, negosyo, ito po consumer. Kasama sa mandate ng DTI 'yung pangangalaga ng safety at protection ng consumers. Bilang proteksyon sa tumataas --- let's say 'yung tumataas na presyo ng karne, 'yung baboy, nag-relaunch kami nung PRD, Presyong Risonable Dapat. Ito po'y ginawa namin noong 2018 noong mataas ang presyo ng bigas. Naisip po namin eh mataas 'yung presyo ng bigas kasi andaming traders in between. What if allow-in (allow) natin silang mag-source, 'yung mga retailers, diretso sa kanila 'yung paninda para wala ng traders in between? Sa ganoon, mapapamura natin 'yung presyo. So nung bigas, dati umabot

ng 50 pesos per kilo. Naibaba natin sa 34 to 36 pesos per kilo. So iyon po 'yung ginagawa ng PRD.

So we adopted the same program ngayong mataas ang pork. 'Di ba ang pork ho ay pumapalo -- - umabot pa ng 400 pesos per kilo, kaya nagkaroon ng maraming ingay, maraming issue diyan. Recently, bumababa na ho siya, nasa mga 330, 340, up to 380. So medyo mataas pa rin pero dumadami na 'yung supply so dapat ano siya bumababa na unti-unti.

Ginawa natin 'tong PRD sa pork. Ngayon ho, naibalik natin ang presyo: 220 'yung kasim, pigue; at saka 250 'yung liempo. Available. So ibig sabihin kahit sino, lalo na 'yung mga mahihirap nating mga kababayan, may pupuntahan sila. Kung mahal sa palengke, sa grocery 'yung pinartneran (partner) natin tulad ho ng Robinson, SM, Pure Gold, available itong frozen pork products, 220. Hindi 350, 220 per kilo at 250 'pag liempo. So available. May pupuntahan, may option si consumer. Iyon ho ang point natin. Okay, mahal sa iba; okay, dito ka pumunta, mura. At welcome naman lahat sa mga supermarket.

So hindi ho ito --- talagang pro-poor program ho ito. Katuwang po natin siyempre pinartner (partner) po natin si DA at saka 'yung mga retailers dito at saka 'yung mga iba hong nagpapasok ng frozen pork. So sa madaling salita, of course, nabigay nating mura itong mga pork. At saka every weekend, naggagawa kami nung mga ano doon, 'yung mga -- [*Anong tawag dito?*] --- 'yung mga pop-up stores sa mga iba-ibang barangay. At may 123 stores nang pupuntahan ang taumbayan lalo na sa Luzon kung saan mahal itong pork na ito. So ngayon, mura na siya sa mga retailers.

Tayo rin, nagsasagawa nung mga Diskwento Caravan kasama ang mga manufacturers at retailers. Nagbibigay ng mga murang basic goods ito: 2,073 Diskwento Caravan na mula noong 2016 nagsilbi sa 6,600 barangay.

Bilang proteksyon, lastly, sa mga pagbili ng mga substandard o defective products, ang ating Bureau of Philippine Standards din ay patuloy na naninigurado sa mga product standards for consumer safety lalo na sa mga mahahalagang materyales tulad ng bakal, rebars, semento, plywood, ceramic tiles, appliance, electric switch, Christmas lights, at iba pa para sa consumer protection during your administration.

Dinagdagan natin 'yung coverage na products nito, Mr. President, 'yung --- na maging mandatory compliance sa standard. Before your administration, 70 lang ang covered. Ngayon, 87 products, kasi nagdadagdag kami para talagang maraming maproteksyunan.

Although may dalawang produkto kami, iyong glass at saka isa pa, I think bubong na na-TRO kami. Ayaw ma-implement. So may mga nagreklamo. So iyon nga sana dapat hindi tini-TRO 'to kasi for consumer safety ito eh. We are simply putting standards. Allowed naman magbenta basta lang nasa standard. Pero tini-TRO kami. Dalawang produkto po 'yun. So anyway, we're --- hinaharap namin 'yung kaso para lang mawala 'yung TRO at matuloy 'yung implementation para sa consumer protection.

So in conclusion po, iilan lang po ito sa marami nating mga programa. Hindi po mabanggit lahat in the interest of time. In closing, hindi po matatawaran, Mr. President, ang mga magandang naganap sa ilalim ng inyong termino sa larangan ng paghandog ng trabaho, konsyum --- nego -- - Trabaho, Negosyo, at Konsyumer (TNK). At higit sa lahat, ang pagtulong sa mga maliliit na entrepreneur tulad ng bilin niyo. Ito po ay maituturing na isang legacy na hindi malilimutan ng

bawat isang Pilipino na napabuti at naiangat ang antas ng kanilang buhay tungo sa inclusive prosperity.

Maraming salamat po, Mr. President, at sa ating sambayanang Pilipino.

**PRESIDENT DUTERTE:** Salamat, Secretary Lopez. Which reminds me, let me revisit the itong --- itong face mask, itong suot ko. You know, at the start of the pandemic, walang --- wala ito sa market, wala nga sa mga botika kasi hindi naman natin inasahan na bigla na lang kumalat parang sunog 'yung COVID-19.

So ako, I remember, ako mismo nandiyan man si --- pati 'yang mga Cabinet members, sinabi ko kay Secretary Duque noon, "Magbili ka ng kung anong kailangan to protect the public at saka tayo," sabi ko. Papaano itong gobyerno kung puro tayo may sakit?

Dumating kami dito sa ano 'yung World Health Organization na kailangan ng mask, ito, ito. Wala ito sa kung saan-saan, wala pang gumagawa nito. Ang supply nito limitado kaya mahal. Ngayon, noong marami na ito, maraming nagpapabili, nagmura na.

Pero tandang-tanda ko... [*Tama ba 'yan?*] Tandang-tanda ko na... [*Hindi pa tayo matanda, pareho man 'yang tanda-tanda?*] Tandang-tanda ko na sinabi ko sa iyo, this is a pandemic. If the --- kung maano ninyo kung anong pandemic, nag kumakalat ng parang sunog. Sabi ko sa iyo, "bumili ka, huwag ka nang dumaan ng public bidding." Sabi ko sa iyo, "I authorize you to purchase directly." Iyan ang sinabi ko.

But despite of that injunction or rather despite of that encouragement sa iyo, you went ahead to buy but you conducted a public bidding. Ngayon 'yung public bidding mahal pa rin kasi noon walang supply. Ngayon puwede mo na itong hingiin maski kanino kasi marami na eh. Eh kung kakaunti lang ang supply, eh 'di mag-agawan tayo tapos mas mahal.

Noong marami na, matagal na o dumating na ang panahon na ito, ito doble-doble na nga oh para lang magamit. Pero akin ito ha, hindi ito sa gobyerno. Mahirap kasi mag-ano 'yung mga to --- for the opposition to exploit. Alam na nila 'yan, alam nila.

Ngayon, itong COA ba sa previous administration, may audit findings sila. Iyong dumaang administrasyon, ibig sabihin kay Aquino. Mayroon dito ha agency, DOJ, under Secretary Leila De Lima, unliquidated [P617.44] million worth of cash advance in the year 2013. Itong kay Duque, bibili. Itong kay De Lima, nag-cash advance ng 617.44 million, unliquidated. Nakulong na lang ang g\*\*\*, hindi niya ma-account itong ano. Tapos sabi nila nag-press release na na-liquidate na raw.

DILG, unliquidated 7 billion worth of fund transfers to various projects implemented under the term of former DILG Secretary Mar Roxas as of December 31, 2014. Receivables account accumulated to a huge amount of 7. --- 740 million --- 740 billion because management failed to monitor the --- monitor the liquidations of the fund transfer and the submission of the corresponding financial report. Ito, unliquidated cash advances. Ito perang kinuha talaga. Eh itong kay Duque magbili eh. Ito nag-cash advance, nagbale. And other agencies lahat-lahat may mga kasama na COMELEC, DepEd, DILG, DND, DOJ, DSWD, DA, and others, mayroon silang 10,000,014,000.

Yeah. Kaya sabihin ninyo ngayon ito ang --- itong kay De Lima ang pinakamaingay. Magturo ka ng magnanakaw kaya nakaganoon nga eh ang kamay mo. Ito, nakaturo sa iyo; doon ikaw doon sa tinuturo mo na ano. Iyan ang nangyari diyan. Ngayon si De Lima, maingay. Sige nga mag-ingay ka nga ngayon.

Itong 'yung sabi nila na mayroon dito, itong tran --- as of --- as for the transfer of funds from DOH --- sa amin na ito --- to PS-DBM without memorandum of agreement (MOA), face mask, and shields are included in the Common-Use Supplies and Equipment in the list of the PS-DBM. Secretary Duque will elaborate on this when his time comes to talk.

Mabuti na malaman ng Pilipino kung sino 'yung magnanakaw. Mahirap talaga ang... Tingnan mo who... Ako ang naawa sa Pilipino. Talagang bugbog.

The next will be, ikaw na, sir. Secretary Duque? It's your time. You might want to explain the fund transfer that I had just mentioned.

**DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III:** Ah okay, sir. Yes, sir. Medyo English-in ko na lang, sir, kasi 'yung report ko English na, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** Go ahead.

**SEC. DUQUE:** Oho. Iyong --- the transfer of funds to PS-DBM --- PS is the Procurement Service of the Department of Budget and Management --- was supported by the issuance of the Government Procurement Policy Board (GPPB) Resolution No. 03-2020, approving the adoption of efficient, effective, and expedient procurement procedures during the state of public health emergency, which you declared, Mr. President, on March 7.

On March 9, 2020, to include 'yung procurement po ng mga PPE, personal protective items, ito po 'yung mga set na mga face shield, face mask, coveralls, shoe covers, gloves, at mga iba pa pong mga items na kumukumpleto nung mga PPE set. Iyong test kits, kasama din po and other commodities for COVID-19 pandemic as Common Supplies and Equipment or CSE to be procured through Procurement Service- Department of Budget and Management.

Also, under Administrative Order No. 07, Series of 2011, in relation to Section 53 of R.A. No. 9184 of the Procurement Reform Act, government agencies are required to procure Common Supplies and Equipment directly from PS-DBM. The execution of a memorandum of agreement (MOA) was not required as a finding in the Consolidated Annual Audit Report submitted by COA to the Department of Health.

So they are saying kailangan ng may MOA but it is the position of the DOH that this is not required relative to the fund transfer transaction with the PS-DBM since it covers Common-Use Supplies as stated on the aforesaid GPPB Resolution. So mayroon po kami nung resolution, and banking on the provisions of other relevant legal bases.

To wit, Section 53.5 of 2016 IRR of Republic Act 9184, agency-to-agency procurement of goods, infrastructure projects, consulting services from another agency of the Government of the Philippines such as PS-DBM, which is tasked with the centralized procurement of Common-Use Supplies for the Government of the Philippines in accordance with Letters of Instruction or LOI No. 755 and EO 359, Series of 1989.

And another basis, Mr. President, Section 20 of 2020 General Appropriations Act or GAA, procurement of Common-Use Supplies. All agencies of the government shall purchase its common-use supplies requirements from the Procurement Service as mandated under LOI No. 755, dated October 18, 1978; Executive Order No. 359, Series of 1989; and also Admin Order 17, Series of 2011.

And to continue, Mr. President, Section 5, d.5 --- item d.5 of RA 9184 also provides that agency-to-agency agreements, so DOH and PS-DBM, shall be governed by guidelines unless otherwise provided by special law such as in the case of procurement of Common-Use Supplies and Equipment from the PS-DBM.

So moreover, under Government Procurement Policy Board Resolution No. 20, 2019, dated October 2018 – government agencies are required to deposit cash funds with PS-DBM for their CSE requirement --- CSE requirement without the need of a MOA.

So, Mr. President, gusto ko lang din pong ilagay sa konteksto, with your permission, prior to the onset of --- ah well, the Department of Health --- the Department of Health transferred funds to the Procurement Service of the Department of Budget and Management, for the procurement of Common-Use Supplies and Equipment based on the following circumstances:

A. Prior to the onset of the pandemic, the DOH had initially processed the procurement of personal protective equipment such as N95 masks, surgical masks, and other PPE items to replenish the PPE used for the Taal Volcano eruption response activities on January 2020 after having consumed all its annual PPE inventory. So hindi naman natin tayo nakapagplano sa bulkan na ito dahil hindi naman natin alam na ito ay puputok. So 'yung mga atin sanang mga naitabi eh lahat inilabas na natin.

So noong --- in February 2020, when the COVID-19 started to spread in the country and following the increase of confirmed cases, DOH needed to augment the supplies of PPE items for both government and private health facilities.

Though the DOH tried to bid COVID-19 requirements through the DOH - Central Office Bids and Awards Committee, unfortunately --- alam din po ni DTI Secretary Mon Lopez 'yan --- wala na halos supplies, there were no bidders due to limited supply and the existing local suppliers could not meet the volume and quality requirements.

PPE producing countries also started to withhold PPE supplies for their own use to respond to the pandemic given the unprecedented demand for PPEs among nations, but with unequal production capacities.

C. During the first few months of pandemic, the DOH tried to exhaust all means of acquiring these COVID-19 response commodities in order to ensure steady and adequate supply of PPEs for our health workers as was your instruction, Mr. President.

Simultaneously, the department was procuring through its own Bids and Awards Committee while processing the procurement with other procuring agencies to ensure that supplies would be available amidst the global scarcity.

And, Mr. President, I do remember very clearly that your marching order was for us to ensure that there will be enough PPEs primarily to protect our healthcare workers. Iyon po 'yung isa sa

mga naalala ko pong binigyan ninyo ng talagang prayoridad 'yung mga healthcare workers, at siyempre 'yung atin pong mga mamamayan pangkalahatan.

D. During the state of public health emergency, it became imperative to adopt expeditious, collaborative --- and ito po, Mr. President --- whole-of-government approach, whole-of-government approach to intensify response to the crisis brought by the pandemic.

And one of the mandates of the PS-DBM is to identify sources of supplies, including international suppliers, which offer the best prices, terms, and other conditions for government procurement.

In good faith, Mr. President, funds were transferred to PS-DBM as it was deemed necessary that supplies be procured immediately for the protection of the Filipino people.

So 'yun lang po with regard to this particular issue, Mr. President. If you will allow me, I can go ahead to make my presentation on the COVID updates, Mr. President, including also, Mr. President, your directive last Friday to secure funding for the grant of special risk allowance ---

**PRESIDENT DUTERTE:** That's correct.

**SEC. DUQUE:** --- to our healthcare workers ---

**PRESIDENT DUTERTE:** Correct.

**SEC. DUQUE:** --- as well as a contingent fund source from your contingency fund, Mr. President ---

**PRESIDENT DUTERTE:** Yes.

**SEC. DUQUE:** --- to extend the contracts of our 20,000 plus various cadres of healthcare workers from September to December, Mr. President. I'll also give that report.

**PRESIDENT DUTERTE:** Can you deliver the...?

**SEC. DUQUE:** Yes, sir. Yes, sir. Within your prescribed period of 10 days, we are hoping the SARO will --- DBM will release the SARO tomorrow, Mr. President. We have been following it up with them, Mr. President. And also, the contingent fund is already being prepared.

So we are committed to deliver on the said time frame that you have indicated last Friday.

**PRESIDENT DUTERTE:** That's good of you. Thank you.

**SEC. DUQUE:** Sir, thank you po. So muli, magandang gabi, Mr. President; Mr. Senator Bong Go, Chair of the Committee on Health; at akin pong mga kapwa kalihim; at ang atin pong mga mahal na mga kababayan. Sa ngalan po ng DOH, muli ako'y magbabahagi sa inyo ng ulat ukol sa COVID-19 situation kabilang na ang updates sa biosurveillance activities and vaccination laban po sa COVID-19.

At huli, magbabahagi rin po kami ng updates ukol sa special risk allowance at emergency hiring ng atin pong healthcare workers. Ito po ay ang inyong kautusan gaya po nang nabanggit ko kanina.

*[Next slide.]*

Ngayon pong ika-24 ng Agosto ay may nadagdag po tayong 12,067 na bagong kaso. So ang total natin is 1.869 million cases thereabouts. At sa 12,067 na naidagdag sa atin pong mga kaso, 2,806 ay mula sa NCR, pinakamataas as usual; Region IV-A naman ay 2,551; samantalang ang Region [III] ay 1,813 sa Region III; at 4,897 sa mga natitira pang mga iba't ibang rehiyon.

Para naman sa ating mga active cases, ang bilang ngayon ika --- ngayong Agosto 24 ay nasa 127,703 katumbas po ay 6.83 percent ng ating kabuuang kaso.

Sa kabilang dako, ang atin pong recoveries ay umabot na sa 1.7 --- 1,709,724, at ang recovery rate po ay nasa 91.44 percent. Habang ang bilang ng mga pumanaw ay nasa 32,264 pangkalahatan mula simula, at ang atin pong CFR ay nananatiling nasa 1.73.

At ang sa atin naman pong updates on the Presidential directives, ito po ay huling bahagi ng aking ulat. Nais po namin magbigay ng mga sumusunod, Mr. President. Nakapagpasa na po kami ng lahat ng dokumento na kailangan sa pagpapalabas ng 311 million thereabouts for special risk allowance para sa ating additional 20,156 na mga healthcare workers sa Department of Budget and Management para sa period covering December 2020 hanggang June 30, 2021. At naghihintay na lamang po kami para sa Special Allotment Release Order mula sa DBM upang mai-download po namin ito sa mga ospital sa lalong madaling panahon.

So ito na lamang po, mahal na Pang --- ah Mr. President. Maraming salamat po sa inyong pakikinig at handa na po akong sumagot sa inyo pong mga katanungan.

**PRESIDENT DUTERTE:** Salamat, Secretary Duque. Now we would call on Secretary Galvez, the Chief Implementer sa vaccine. Sir, it's your time.

**NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ**

**JR.:** Magandang gabi po, Mr. President; Senator Bong Go; sa atin pong mga Gabinete nandito po ngayon. Ngayon pong gabi, magre-report po tayo ng ating mga updates sa lahat ng mga vaccine na natanggap po natin at saka sa administration.

*[Next slide, please.]*

Sa tala po ng ating Philippine Vaccine Tracker, mayroon na po tayong 48,522, 890 na total vaccines na nag-arrive po dito sa Pilipinas. Ito po ay binubuo ng procured by the national government at 27.9 million. Mayroon pong procured ang private sector na 3.6 million. Ang COVAX nag-donate po sa atin ng 3.2 million at ang donations from other countries 3.6 million. At tinatala po natin na talagang babakunahan po natin ay more or less 'yung 77 million, 'yung nasa ibaba po na ito po ang ating target 70 percent population na babakunahan.

Ang atin pong ano, total vaccines na na-deploy ay 41,626,7[60]. Ito po ay na-deploy na natin sa mga iba-ibang warehouse at sa ibang mga ano, mga probinsiya. At ang atin pong na-administered ngayong ano, ngayong buwan po ay nagkaroon po tayo ng natala na 30,693,019. At mayroon po tayong naka-receive na first dose na 17,495,330, at ang total naka-receive na po ng full dose or complete dose is 13,197,6[89].



At sa ngayon po ay nagtatala na po tayo ng average na po natin per jab bumaba po tayo from August 1 to August 23, 444, 042 per day. Ito na po ang tinatawag po natin na pang-176 days natin na continuous vaccination since March, at mayroon na po tayong active reporting vaccination site na 1,684.

Ang maganda po rito, Mr. President, 'yung nasa gitna po ay mayroon na po tayong 13,197,689 fully vaccinated. This represents 17.11 percent for a total 70 percent of the Philippine populations na 'yung ating ano, 'yung target population po natin. And then 11.98 percent or 12 percent --- almost 12 percent for the total population po ng Pilipinas. I will discuss further 'yung mga details po nito, Mr. President.

*[Next slide, please.]*

Sa atin pong ano total vaccines na delivered, ang procured dito po sa ating bilog na ano po, dito po sa ating procured ng national government ay tumataya na po ng more or less 60 percent. Iyong COVAX donation po ay almost na 27 percent, at ang procured ng other ano, other LGUs and private sector, more or less 7.45 percent. At ang donation ng other countries is 7.5 percent. At makikita po natin na talagang tumataas na po ang ating procured dahil kasi nakikita natin na nagiging stable na po 'yung mga delivery ng ating mga vaccines.

*[Next slide, please.]*

Sir, ito po para po talaga ensure na steady ang supply, ang ginawa po tayo --- ang ginawa po natin, 'yung ating negotiating team, nag-sign po ng purchase order for additional 10 million doses of Sinovac dahil kasi 'yung Sinovac po natin na ano po, na 26 million naubos na po iyon. So ang ginawa po natin para magkaroon tayo ng steady supply ay nag-order po tayo ng 10 million doses of Sinovac. At ito po maganda po ito, ito po ay mababa po ang presyo kaysa sa original price niya. So ang nakikita po natin ay talagang medyo gumaganda po ang ano po natin ngayon sa Sinovac, maganda po ang supply niya, steady.

And then nag-ano po, nag-usap na po kami ng country director ng ano, ng Pfizer. At ang window nila sa September ay makapagbibigay sila ng more or less 5,020,000 na Pfizer this coming September. And we are negotiating with Moderna na makapagbibigay sila ng more or less 3 to 4 million.

And then ito pong ano, 'yung EUA ng application ng Sputnik Light ay naaprubahan na po ng FDA noong ano, noong nakaraang mga araw at ito po ay malaki ang magiging ano, magiging tinatawag nating effect sa ating supply dahil ito po mangyayari po para pong J&J na po ito, single dose na po ito.

At kung magkakaroon po tayo ng more or less 2 million, 2 million treatments po 'yan. Two million people, Filipinos will be ano, will be given by the single dose Sputnik Light. At maggagawa na rin po kami ng ano, ng mga pronouncement, memoranda na hindi na po mag-agam-agam ang ano, ang ating mga tao na dahil 'yung ano po, 'yung isang ano, 'yung isang component number one po ng Sputnik ay pareho din po ng Sputnik Light po 'yun. Ibig sabihin, mataas na po 'yung proteksyon nung first dose po na 'yun. At nangako po ang ano, ang Russia, Russian Direct Investment Fund, na 'yung 205 na component 2 na hindi po nila nade-deliver ay ide-deliver po nila as soon as possible.

And then also, Mr. President, ito rin po ipapaabot ko rin po dahil kasi maraming --- *[next slide, please]* --- maraming nagka-clarify --- *[next slide, please]* --- maraming nagka-clarify on the

tripartite agreement at sinasabi po ng mga iba na parang hino-hold namin 'yung ano --- 'yung ano, 'yung pagpipirma ng tripartite agreement.

Mr. President, noong binigyan niyo kami ng ano, ng ano, ng directive na maging ano sa procurement, ang talagang pinakaunang ano po namin is hindi po mapahamak ang LGU at saka 'yung private sectors sa pagbili po ng ano, ng mga mahal na mga vaccine.

Actually po, may mga nakikita po kami na may possibility na ma-violate po 'yung national --- tinatawag na Procurement Program Act natin. Kaya ang ginagawa po namin talaga naghihigpit po kami, Mr. President, kasi 'yung directive niyo po na talagang dapat pag-ingatan po natin 'yung mga vaccine na 'yun na tayo talaga ang maghawak at mag-control. Lyon po ang gagawin po natin.

So 'yun pong ano po, 'yung clarification po namin ay hindi po namin hino-hold 'yung tripartite agreement, hindi po namin dini-delay. Ang ginagawa lang po namin is 'yung due diligence. Katulad po nang ginagawa ng DOH, ganoon din po ang ginagawa po namin kaya po talagang gusto po namin na 'yung pera ng LGU at saka 'yung pera ng private sector, hindi po sila maano, mapapahamak sa ano sa ginagawa po natin.

Ang unang ano po reason po is marami pong mga manufacturer hindi po interested sa multi-party agreement kasi gusto nila isa lang ang kausap. Sabi kasi nila pagka maraming kausap, it will entail an enlargement of their personnel, at saka medyo napakahirap ng logistical ano po, sir, kasi kumbaga sa ano, lahat ng LGU, kung 300 ang LGU, sila po ang mag-aasikaso po ng ano, ng delivery po na 'yun. Samantala kung kausap po nila gobyerno, isa lang, parang ano, parang ano po sila.

So may mga ano po mga tinatawag po natin 'yung Sinovac at saka Sputnik intend to prioritize orders from the National Government. So talagang ang ginawa po nila sinet (set) aside nila po 'yung mga order ng mga LGU at saka ano po dahil kasi talaga sabi nila we will procure only --- we will give the procure --- we will ano, we will dedicate the delivery to the National Government only.

Iyong Moderna at saka AstraZeneca na nagbigay po ng ano, maganda po ang naging ano po natin sa Moderna at saka AstraZeneca. Ito 'yung parang ideal po talaga ng tripartite agreement kasi isang tao lang po ang kausap nila at 'yung ka-negotiate po nila. Katulad po sa Moderna, ang kausap po nila si Mr. Razon, 'yung ICTSI. Doon po sa ano, sa AstraZeneca ang kausap lang po nila si PA Concepcion.

So mas madali po ang ano, ang tinatawag nating negotiation. Pero ang sabi nga ng Moderna at saka AstraZeneca, they are no longer accepting vaccine order for the first wave procurement. So they will accept order for the second wave procurement, ibig sabihin ibang ano 'yun, ibang produkto 'yun. Either it is ano, either it is a booster or either it is a new ano, a new product, a second generation vaccine, hindi po 'yung first generation vaccine.

So hinihintay po natin 'yun, 'yung kanilang mga presentation kasi kung kunwari bibili po ang private sector at saka 'yung ano, 'yung bibilhin po nila ay pareho rin ng vaccine natin, eh may variant na po tayo ngayon. At saka po 'yung ano, lumabas na po 'yung full authorization ng ano ng ano, ng Pfizer. Meaning, pagka nagkaroon po tayo ng full authorization or CPR puwede na po 'yang bilhin ng ano 'yan ng commercially --- commercially.

So 'yun po, kaya po natin tinatawag na nagkakaroon tayo ng due diligence is mas --- mas advantaged po tayo pagka commercially --- commercial terms na po iyan. Kumbaga sa ano 'yung puwede na po ang direct, wala na pong tripartite. And then 'yung Johnson & Johnson and Pfizer are currently not open for the multi-party arrangement.

And then 'yung issue sa Bharat Biotech COVAXIN, mayroon po tayong ano, mayroon po tayong hinihingi ano sa HTAC, 'yung tinatawag na Health and Technology Group, dahil kasi 'yung COVAXIN, sir, binibili din po ng mga LGU 'yan. Gusto natin na titingnan natin 'yung cost-effectiveness kasi masyadong mataas ang kanyang presyo, tatlo ang mas mahal --- three times na mas mahal siya doon sa mga widely used na vaccine.

So kaya humihingi tayo ng comment from the HTAC kasi 'yun even though it's LGU, ano pa rin po 'yun eh, public funds po ito, Mr. President. Gusto nating pangalagaan 'yung mga ano kasi baka mamaya ma-CO --- sila rin ang ma-COA later.

And then 'yung Novavax at saka Covavax vaccine they do not have 'yung tinatawag nating emergency use authorization sa US, sa pinanggalingan po nila, at saka po doon sa manufacturers from India.

Kung mayroon po sila, magkaroon po sila ng EUA, dahil kasi ang Co --- ang Covavax at saka po Novavax maganda po ang kanyang ano, ang kanyang tinatawag nating trial result, puwede na pong nating ano, puwede na po tayong magkaroon ng tinatawag nating ano.

But based on their website, tumigil po ang India ng ano eh, tumigil po ang India ng pag-export at ang sinasabi rin po sa website na 'yun na baka magkaroon po sila ng pag-open is either sa November pa.

So there is an issue supply dito po sa ano, sa ano po, sa Novavax at saka Covavax kaya po 'yun ang inano natin. Pero pagka once nag-open na po 'yung India, nag-open na po siya ng ano ng kanyang export at aanuhin lang po namin si ano si Sir Mon, titingnan din po namin din ito, puwede na po tayong mag-ano, magkaroon ng tinatawag na tripartite agreement. So open po tayo sa Novavax.

lyon lang po, Mr. President. At para po malaman ng ano, ng mga --- ng mga private sector that we are supporting the tripartite agreement but we want that magkaroon lang po tayo ng tinatawag nating there is enough volume for us, at the same time, 'yung price po na ibibigay po sa atin is talagang 'yung tinatawag nating very decent price. Maraming salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you. Is there any question here? Clarification? If there is none, we proceed now to Secretary Año of the DILG.

**DILG SECRETARY EDUARDO AÑO:** Yes. Thank you po, Mr. President. Fellow public servants, Senator Bong Go, magandang gabi po. Sisimulan ko po ang aking ulat ngayong gabi, Mr. President, sa tala ng pamamahagi ng ayuda sa National Capital Region, Bataan, at Laguna.

Sa ngayon po ay nasa 75 percent na ang pamamahagi ng ayuda sa NCR kung saan po ay 8.44 million individuals beneficiaries ang nakatanggap. So kabuuan po 8.4 billion na ang naipamahagi natin mula noong August 11.

*[Next slide, please.]*

At makikita po natin dito ang breakdown ng pagbibigay ng ayuda sa lahat ng LGUs ng National Capital Region. So makikita po natin na ang Caloocan po ay pinakaunang nakatapos ng pamamahagi bago pa matapos ang deadline sa 100 percent. Ang susunod po ay ang matataas na naitala natin ay nandiyan po sa ating screen.

Dahil po bukas ang pagtatapos sa kanilang deadline, atin pong ine-extend ang deadline ng pamamahagi hanggang August 31, 2021 para makapagbigay pa ng tamang panahon sa pamamahagi at 'yung mga iba po na claimants na hindi po naga-appear ay magkaroon ng adjustment naman 'yung ating mga LGU para sa mga waitlisted na nag-appeal at mabigyan din po ng ayuda.

*[Next slide.]*

Dito naman po sa probinsiya ng Laguna ay nakapamahagi na ng mahigit 390,000 sa mga residente ng Laguna. Kasalukuyang nasa higit na 14 na porsyento ang naipamahagi sa mga benepisyaryo o katumbas ng 360 --- 390 million pesos.

Sa probinsiya naman po ng Bataan, nagsimula na sa ngayong araw ang pamamahagi ng ayuda sa ibang LGUs ng Bataan. At makikita po natin na nakapamahagi na sila sa halagang 1.27 million, sa 1,279 kwalipikadong residente.

So patuloy po naming imo-monitor at babantayan ang pamamahagi.

*[Next slide.]*

Mula po ng inyong inatasan ang kagawaran na i-monitor ang processing ng application sa level ng LGU para mapabilis ang pagpapatayo ng mga cellular sites at digital infrastructure sa iba't ibang bahagi ng bansa, nakapag-issue na ng 3,651 permits ang 492 LGUs sa buong bansa mula po noong inutos niyo ito noong July 2020. Habang kasalukuyang tinututukan pa ang 848 pending permits at clearances sa 241 cities at municipalities.

*[Next slide.]*

Dito naman po sa ating kampanya laban sa ilegal na droga. Sa loob po ng apat na araw ay nakapagsagawa tayo ng 453 anti-illegal drug operations na nagresulta sa pagka-aresto ng 608 mga taong lumabag sa anti-illegal drugs, nag-surrender po ay tatlo, at isa ang namatay habang nagsasagawa ng police operations.

Sa kabuuan po, Mr. President, ay nakapagkumpiska tayo ng shabu, marijuana at iba pang illegal substances sa halagang 37.65 million pesos.

Iyan lamang po ang aking maiuulat ngayong gabi, Mr. President. Maraming salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Salamat, Secretary Año. Secretary Roque.

**PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HERMINIO "HARRY" ROQUE JR.:** Magandang gabi, Mayor, at saka magandang gabi kay Senator Bong Go; magandang gabi rin po sa ating mga kasama sa Gabinete. Sisimulan ko po ang aking discussion doon sa proceedings po na nangyari noong sinusulong po natin itong Universal Health Care noong 17th Congress.

Ang isang issue po na hinarap natin ay dapat bang i-nationalize ang mga pang-pribadong mga hospital? Ang problema po kasi 60 to 70 percent ng lahat ng ating healthcare services ay binibigay po ng pribadong hospital.

Now, ang halaga po kung ina-nationalize natin ang mga pribadong hospital would have been 3 trillion pesos. Kaya nga po ang naging desisyon namin sa Kongreso noon, huwag nating i-nationalize dahil nandiyan naman 'yung mga private hospitals at ang gagawin natin 'yung PhilHealth ay gagawin nating sole purchaser ng lahat ng medical goods and services.

So para po magtagumpay ang Universal Health Care, dapat po talaga dahil ang mga pribadong hospital ay wala naman pong pinagkukuhanan ng pondo kung hindi 'yung bayad ng pasyente at PhilHealth, ay mabayaran po talaga ang kanilang mga claims sa PhilHealth.

Eh sa panahon po ng pandemya, kung 60 to 70 percent po ng serbisyong medikal ay binibigay ng mga pribadong hospital, siyempre po 'yung mga nag-aaruga din sa mga COVID patients ay 60 to 70 percent ay mga pribadong hospital.

Now, nagkaroon po ng announcement ang ating PhilHealth management [*one slide back, siguro*] na ang sabi po nila ay magi-issue po sila ng parang blacklisting para doon sa hospital na nandaraya ng claims.

At ang naging kasagutan naman po ng Philippine Hospital Association of the Philippines eh they will "disengage" from PhilHealth 'no. Hindi ko po alam ang ibig sabihin ng "disengaging" from PhilHealth, pero siguro po itong sinasabi nila na hindi na sila tatanggap ng mga pasyente 'no na ang bayad ay manggagaling sa PhilHealth kasi that is what "disengaging" means.

At ibig sabihin nila, tatanggap na lang sila ng mga pasyente na handang magbayad na ito po naman po ay napakadelikadong mangyari sa panahon ng pandemya dahil ang alam natin, mas maraming mahirap nga po ang nadadale ng COVID.

Now, ang sa --- ang reklamo po ng ilang mga hospital ay arbitrary and unjust daw po 'yung naging deklarasyon ng PhilHealth na iba-blacklist na nila altogether 'yung mga hospital na sa tingin nila ay mayroong mga malicious claims 'no. Now, ang ine-estimate po nila na ang PhilHealth owes the private hospitals up to 7 million each on average group 'no.

Now, with your permission, inulit ko nga po 'yung sinabi niyo sa press briefing ko, hindi po nagustuhan ni Atty. Gierran, at sabi ko nga wala naman itong personalan, inulit ko lang ang sinabi ni Presidente na kinakailangan bayaran niya nang bayaran dahil pera naman po 'yan ng gobyerno 'no.

Pero ang total na utang po ng PhilHealth sa mga pribadong hospital ay 86 billion. Ang nakakatakot po dito, ang mga pribadong hospital naman gaya ng lahat ng private practitioners kung hindi sila makakasingil ay talagang magsasarado sila at mawawalan tayo ng mga hospital na gagamot sa mga magkakasakit ng COVID. At nabalita na nga po na ngayon, dalawang hospital na ang nagsarado dahil hindi nga po sila nababayaran ng PhilHealth. Kaya sabi ko po, nakikiusap tayo, sana po bayaran na 'yan.

*[Next slide, please.]*

Ang mabuting balita po, nagkaroon po ng desisyon ang ating Korte Suprema ngayong taon lang. Ito po 'yung Philippine Health Insurance Corporation vs. Urdaneta Sacred Heart Hospital.

Ang sinasabi ng Korte Suprema, dalawa po talaga ang dapat na nagko-cooperate para maging tagum --- magtagumpay ang ating public health sector, ang mga health providers at ang gobyerno.

Napakaganda po ng sinabi ng Korte Suprema at sana po dinggin ito ng mga private health providers at ng ating PhilHealth.

*“The present pandemic already highlighted the anomalies, flaws, and limitations of our public health system. PhilHealth’s financial resources, and that of our nation as a whole, is already stretched to its limit. The present situation should inspire us to rise above ourselves and focus on our nation’s survival as a whole. The hardships brought about by the pandemic should not strip us of our humanity, or destroy or defeat our core values, but rather serve as a stimulus for positive changes within ourselves and in our nation. This should be a platform to better ourselves and an opportunity to craft and implement needed reforms in our public health care system. Indeed, this is what our policy makers envisioned in the first place. At this juncture, it is well to remind accredited healthcare institutions to deal with PhilHealth responsibly, honestly, and with integrity and refrain from employing unscrupulous methods like actively recruiting patients just so they could avail of PhilHealth benefits. Likewise...”* --- patas naman po ang Korte Suprema --- *“...PhilHealth members and its officials are similarly exhorted to act with prudence and without any corrupt motives. Medical practitioners should not also allow themselves to be drawn into this unethical practice.”*

So sana nga po parehong PhilHealth at ang ating mga providers will heed the call of the President --- of the Supreme Court, balanse naman po sila 'no, dahil kung wala po talaga silang balanse 'no ay hindi po magtatagumpay itong ating Universal Health Care.

*[Next slide.]*

Well, last point lang po. Bagama't binasa niyo po sa last Talk to the People sa Davao na sinisisante niyo po si Administrator Edgardo Rama Masongsong, ang latest po na na-monitor namin sa balita ay naghihintay po ng official communication galing po sa inyo si Administrator Masongsong na, in fact, he is relieved.

Eh sa akin naman po malinaw naman po 'yung order ninyo last time pero he wants, I guess, something in black and white that he is being fired.

Thank you very much, Mayor.

**PRESIDENT DUTERTE:** Let's go to the next speaker. Implementer, Secretary Lorenzana.

**DND SECRETARY DELFIN LORENZANA:** Mr. President; Senator Bong; mga kapwa ko miyembro ng Gabinete; magandang gabi sa inyong lahat.

Sa ika-apat na linggo ng pagpapatupad sa ating Crisis Action Plan Against COVID Variants, *[next slide please]* mas pinaigting pa natin ang ating Prevent- Detect-Isolate-Treat-Reintegrate operations o ang tinatawag nating PDITR at pagbabakuna gamit ang Four Door Strategy.

Narito ang mga nagawa ng National Task Force at mga clusters nito nitong mga nakaraang linggo:

*[Next slide.]*

Una, ang strikto at puntiryadong mga galaw upang mapabagal o maihinto ang community transmission ng virus. Pangalawa, ang pangangalaga at pagpapalakas sa ating health system capacity. At panghuli, ang pagtitiyak ng maayos at ligtas na pagbubukas ng ating ekonomiya.

Mula naman dito sa community sub-cluster, nasa 216,871 na ang kabuuang bed capacity o kamang --- bed capacity sa mga isolation facilities ng LGUs, DPWH at DOH. Samantalang, 91,263 naman sa mga quarantine facilities. Paghahanda at pagsasanay sa 106,513 contact tracers. Pag-imbentaryo ng mga krimatorya at paggawa ng contingency plans ng Task Group on Local Management of the Dead and Missing – 78 sites o 78 lugar ang natukoy na maaaring paglibingan ng mga, mayroon na tayong isang --- at mayroon na tayong isang reefer van sa CALABARZON.

Dahil sa pinahigpit na border control, 78,357 katao ang hindi nakapasok sa mga ECQ areas mula sa ibang lugar. Nahuli sa mga checkpoints natin ang 33,224 katao na walang maipakitang pruwera na sila ay authorized persons outside residence o essential workers.

Mula August 6 hanggang August 22, 637,796 ang mga nahuli sa paglabag ng minimum public health standards or MPHS; 487 LGUs sa NCR, CAR, Regions I, IV-B, V, VI, at XI ang mayroon na ngayong telemedicine services.

*[Next slide, please.]*

Mula naman sa health facilities sub-clusters, hanggang August 20 nakapag-hire tayo ng 10,157 healthcare professionals o dagdag na healthcare workers. Nakapagbigay tayo ng buffer supplies at logistic support sa mga ospital na may kabuuang halaga na 608.3 million pesos.

Para sa border sub-cluster, 18,396 ang kabuuang bilang ng OFW na for 7th day swabbing mula August 16 hanggang 21; 909 sa mga na-swab na OFW ang nagpositibo mula August 1 hanggang 21.

Nitong August 22, 58,078 mula sa kabuuang 65,745 kuwarto o beds o 86 porsyento na sa mga kuwarto ng ating mga quarantine facilities at hotels para sa ating mga paparating na pasahero ang okupado na; 586 maritime patrol operations ang naisagawa sa dalawang --- ng dalawang Coast Guard monitoring teams na naka-deploy sa south --- sa south Sabah-BARMM borders hanggang August 21. Limang katao ang nahuli mula June 1 hanggang August 21. Four hundred nine --- 4,890 seafarers at 291 na barko naman ang ating napagserbisyuhan mula sa August 1 to 21, 177 seafarers ang ating na-test at napag-alamang positibo sa COVID-19.

*[Next slide, please.]*

Mula naman sa Task Group on Management of Returning Overseas Filipinos; 1.3 million na po ang ating natulungan; 1.1 million sa mga ito ay overseas Filipino workers; samantalang 273,756 ay returning overseas Filipinos; 3,289 ang nakauwi na ng ligtas mula sa Sabah hanggang ---

habang 4,683 ang atin pang tinutulungang makabalik o hinihintay natin silang makabalik dahil po nagsara po 'yung ating borders diyan dahil marami pong kaso ng COVID sa Sabah.

lyon lang po 'yon, Mr. President. Thank you very much.

**PRESIDENT DUTERTE:** Director General Enrique Domingo.

**FDA DIRECTOR GENERAL ENRIQUE DOMINGO:** Ah yes, sir, magandang gabi po, Mr. President, Senator Bong at saka sa mga members po ng Cabinet. Sir, bigay lang po akong kaunting update sa mga bakuna.

*[Next slide, please.]*

Medyo nadagdagan na po 'yung mga bakuna na puwedeng bilhin nila Secretary Charlie at i-distribute po 'no nila Secretary Duque.

*[Next slide.]*

After sa --- out of the 22 po na vaccines na ginagamit sa buong mundo, mas marami na po ang nagagamit dito sa atin, Pilipinas. Right now, mga siyam na po ano. Lyon pong Pfizer BioNTech, ito pa lang po sa ngayon ang pinapayagan natin na gamitin sa bata na 12 years old pataas. So 'pag nagbakuna na po tayo ng bata, ito po mayroon tayong option dito sa Pfizer.

Pero ang balita pong maganda, 'yung USFDA binigyan na po ng full authorization kahapon itong Pfizer BioNTech. Ang ibig pong sabihin, mas mahaba na po 'no 'yung mga naging period ng kanilang clinical trial at nakita na talagang pumasa na po siya sa standards ng safety at efficacy for a vaccine to be commercially available.

So ang nakikita po natin dito, Mr. President, ay sa darating na mga buwan maga-apply na rin po 'yang Pfizer sa iba-ibang bansa katulad ng Pilipinas. At kapag nabigyan na rin po siya natin ng authorization or Certificate of Product Registration dito sa Pilipinas, maaari na po siyang maging available sa private sector.



So madadagdagan po ang paraan sa mga kababayan natin na mabakunahan. Aside from the government initiative, maaari din pong sa pribadong sektor ay magbakuna na, at makakatulong din po ito. At, of course, ang possibility po kapag ganyan na na-approve na ang isa, 'yung mga iba pong mga bakuna ay sunod-sunod na rin naman po 'yan maga-apply ng full authorization at siguro po madadagdagan na rin ang mga fully authorized vaccines by early next year or towards the late --- the latter part of this year.

Iyong pangalawa po nating bakuna 'yung sa AstraZeneca, ito po 'yung marami tayong donations from Japan, UK, at saka sa COVAX, at 'yung Janssen naman po mayroon din po tayo ng donation nito from the US pero pareho po ito wala pa po itong ano authorization for use in children.

*[Next slide, please.]*

Iyon pong Bharat Biotech, ito po 'yung pinag-aaralan pa po ng Health Technology Assessment Council. Iyon naman pong Moderna na binigyan po natin, sir, ng EUA, nito pong nakalipas na Biyernes, August 19, nag-apply na rin po sila to amend 'no 'yung kanila pong EUA para masama rin po ang mga adolescents – children 12 years old and above. So nagpadala na rin po sila ng kanilang datos ng clinical trials at ito po 'yung inaaral ngayon ng ating mga expert. May mga kaunting katanungan po doon sa developer ng vaccine and hopefully within this week or next week makumpleto po natin ang evaluation nito para po tingnan natin kung maaari rin po siyang gamitin sa mga bata pagdating po ng panahon na 'yung vaccination program natin ay aabot na po doon sa mga pediatric or at least sa adolescent age group.

Iyong Sinopharm, ito po, sir, mayroon ding kaunting pagbabago. Ang Sinopharm po kasi na gawa sa China, it's the same vaccine pero may dalawa po siya na factory sa China. Iyong sa Beijing, ito po 'yung mayroong EUA ang Department of Health kaya po tayo nagtatanggap ng mga donation. Pero mayroon din po siyang isang factory sa Wuhan, iyong Sinopharm-Wuhan. At 'yung Sinopharm-Wuhan ay nabigyan na rin po ng emergency use authorization ng FDA nito rin pong last week, noong August 19.

So may isa pong kompanya na nagdi-distribute po --- magdi-distribute po ng Sinopharm-Wuhan na authorized po 'no na mag-distribute ng Sinopharm-Wuhan, so maaari din po itong bilhan ng ating pamahalaan.

*[Next slide, please.]*

Iyong isang malaking pagbabago rin po nitong nakalipas na linggo, iyon pong Sputnik. Kung naaalala po natin 'yung Sputnik po na vaccine, two-dose vaccine po ito 'no na magkaiba 'yung first dose at second dose, at mataas po ang kanyang efficacy rate, 94-97 percent.

However, in 12 countries --- ngayon po 13 na kasama ang Pilipinas, mayroon po silang variant, 'yung tinatawag na Sputnik Light. Iyong Sputnik Light po ay very similar to Janssen, isang ineksiyon lamang po ay fully vaccinated na at mataas din po ang kanyang efficacy rate at about 82 percent.

Si ito po, ang kagandahan po nito sa ating logistics ay mas madali po siyang i-distribute, isang beses lamang po ang ineksiyon at ang storage po nito ay two degrees to eight degrees din. So this is the another option that the Task force can now look at para po sa pag-ano 'no, sa continuing immunization po natin kontra sa COVID-19.

Iyon pong Sinovac po natin, ito pa rin po ang pinakamadami nating nagagamit sa Pilipinas. And 'yung data naman po continue to show that the benefit outweighs the risk ng paggamit po talaga ng Sinovac. Pero 'yun pong kanilang petition na ma-include po 'yung children ay hindi pa po natin gina-grant at this time 'no kasi noong tiningnan po ng ating mga vaccine experts medyo maliit po 'yung Phase I and Phase II trial na kung kasama 'yung mga bata na three years old to 17 years old, and we advised the company to send us reports kapag po mas marami na po silang clinical trial Phase III data on children so that we can revisit. But at this time, hindi pa po natin 'yan narerekomenda na ma-authorize na magamit po ng sa mga bata, so for adults pa rin po.

At last na lang po, 'yung Novavax. Ito po kasi parang hinihintay po 'no ng maraming mga LGU itong Novavax para makabili sila 'no. Ang problema po natin sa Novavax, ito po ay isang bakuna na dinevelop (develop) by a company sa India at saka sa US.

Kaya lang po both sa US at saka sa India ay hindi pa po siya nakakakuha ng EUA kung saan po ginawa 'yung mga clinical trial. So this vaccine has not been used outside of clinical trials. Sa atin po kasi naga-approve po tayo ng EUA at minimum requirement naman po natin ay kung saan dinevelop (develop) 'yung bakuna na 'yun na bansa ay i-approve siya ng bansa na 'yun at gamitin siya 'no.

So at this time, we are waiting for more ma --- kung ano po ang maisa-submit nila. Pero at this time, hindi pa po talaga natin mabigyan ng EUA hanggang hindi pa po nabibigyan ng EUA doon sa bansa kung saan po siya dinevelop. So naghihintay pa po tayo ng progress dito.

*[Next slide, please.]*

And just as a reminder, 'yun pong WHO tuloy-tuloy po ang pagmo-monitor nila sa mga bakuna 'no. And up to now, nakikita naman po talaga na even with the Delta variant which is now the

dominant variant in most countries around the world, eh talaga pong nababawasan man po ang protection against symptomatic disease dito sa mga bakuna na 'to, pero nare-retain naman po 'yung kanyang efficacy against severe disease and death, at 'yun din naman po ang nakikita natin so far dito sa Pilipinas.

*[Next slide, please.]*

So 'yun lagi po lang namin, sir, paalala sa lahat ng kababayan natin, ang vaccination prevents COVID-19 infection, it prevents deaths, but it is always important to complete the two doses. Kasi iyon pong pagmamanman natin nakikita natin na talagang bumababa po ang COVID kapag nakumpleto na 'yung two doses. Pero mayroon pa pong kaunting breakthrough infections, karamihan mild. Kaya kahit po bakunado na tayo, we have to observe the health protocols, lalong-lalo na po hanggang hindi pa nagse-set in 'yung maximum protection, which is two weeks after the last shot.

Iyon lang po, sir. Maraming salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you. The next will be Chairman MMDA, Atty. Abalos.

**MMDA CHAIRMAN BENHUR ABALOS:** Magandang gabi po, mahal na Presidente, Senator Bong Go, at sa lahat pong miyembro ng Gabinete. Magandang gabi po. Ipi-present ko lang po 'yung nangyayari po ngayon sa Kalakhang Maynila.

Mr. President, ito po 'yung kaso natin, 29,000 pero iyon pong growth rate 'no from August 16 bumaba from 130.72 naging 105.18 percent na lang. Ang sabi nga ng OCTA 'yung tinatawag na reproduction rate, 'yung panganganak nung virus 'no, from 1.9, noong isang araw noong Sabado ay naging 1.67 na lang.

So bagama't kumaunti ang naging anak nitong virus na ito, pero of course, pataas pa rin po tayo. Pero siguro ito po'y epekto na rin ng two-week ECQ po natin 'no. Maski papaano ay napababa po itong ating --- itong ating growth rate 'no. Pero we are not out of the woods yet, Mr. President.

*[Next, please.]*

Ito po ay kinompile (compile) po namin ng mga mayors sa Kalakhang Maynila, dito po natin makikita kung gaano kabisa 'yung ating sinasabi po kanina, of course, ni Secretary Eric Domingo kung gaano kaimportante po ang pagbabakuna.

Kung makikita po natin, ang mga vaccinated po natin ay higit-kumulang 65 percent, 35 po 'yung fully vaccinated at one dose. Pero ang importante po rito ay doon sa death na tinatawag at 'yung critical at severe.

Kung makikita po natin, ang total po nitong unvaccinated na namamatay ay higit-kumulang 169, samantala sa fully vaccinated ay 20; sa severe naman, 18; at, of course, severe and moderate isama na ho natin pareho sa unvaccinated, sila po ay total of 106; pero sa fully vaccinated, ito'y 26 lamang. Kaya napakalaking bagay po talaga ang bakunado.

Kung kaya't hindi po titigil ang mga mayors and, of course, ang mga frontliners sa Metro Manila para ma-achieve po talaga ang population protection the soonest.

Ito po ang aking report, Mr. President. Salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Salamat, Chairman Abalos. Next is Secretary Nograles, you have something to say?

**CABINET SECRETARY KARLO ALEXEI NOGRALES:** Yes, magandang gabi, Mr. President, Senator Bong Go, mga kasamahan natin sa Gabinete. So dito po sa Task Force Zero Hunger, isa sa mga programa ay 'yung ensuring nutrition adequacy.

Kaya nga po kahit na wala po tayong face-to-face classes pansamantala hanggang ngayon po, Mr. President, ay patuloy pa rin 'yung mga feeding programs 'no ng inyong administrasyon kagaya nitong feeding program ng DSWD sa mga Child Development Centers.

Dumako naman po tayo sa Region VII, ganoon din po sa for school year 2020- 2021, 115,350 na kabataan edad lima pababa na enrolled sa Child Development Centers at Supervised Neighborhood Plays ng DSWD ay napakain po natin sa pamamagitan ng supplementary feeding program.

At sa school-based feeding program naman po ay lagpas 241,100 na kabataan ang binigyan ng nutritious food products; at 192,200 naman po ang nabigyan natin ng gatas. Iyong Diskwento

Caravan, 17 runs in Region VII serving 356 barangays and benefiting 10,350 household beneficiaries.

Sa family food packs naman po sa Region VII, 'yung non-COVID assistance ay umabot tayo ng higit 1,000 affected families na nabigyan ng family food packs; at sa COVID-19 assistance naman po 446,500 family food packs sa iba't ibang mga beneficiaries ng Region VII; at sa crop insurance, 46,000 ang farmers and fisherfolk natin na nakabenepisyo sa crop insurance.

*[Next slide.]*

Sa Region X naman po, 118,470 na kabataan nabigyan po ng pagkain edad lima pababa sa Child Development Centers ng DSWD at Supervised Neighborhood Play; lagpas 107,100 naman po ang naka-benepisyo ng nutritious food products, mga batang nasa elementarya, mga estudyante; at 97,300 naman po ang nabigyan natin ng gatas.

Sa Diskwento Caravan ng DTI, 85 runs ang nagawa sa Region X, serving 108 barangays at 21,650 household beneficiaries; 7,000 affected families ang nabigyan ng relief assistance; at sa COVID assistance naman na family food packs, 210,300 families; 35,970 farmers and fisherfolk ang nag-claim ng crop insurance mula sa Region X.

Sa Region XI naman po, ang ating region, mayroon po tayong 118,500 mula sa Child Development Center at 16,200 mula sa Supervised Neighborhood Plays na mga kabataan edad lima pababa ang nabigyan ng pagkain; 62,400 ang nabigyan ng nutritious food products; at 43,700 naman po ang mga batang elementaryang nabigyan ng gatas; 60 runs ng Diskwento Caravan, serving 215 barangays at 93,300 household beneficiaries; 15,132 affected families nabigyan ng family food packs; at 185,425 family food packs naman po ang distributed sa Region XI sa mga COVID-19 most vulnerable families; 42,000 halos na farmers and fisherfolk ng Region XI ang nag-claim ng indemnity sa crop insurance.

Iyan lamang po, Mr. President, at maraming salamat.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you, Secretary Nograles. Sal Panelo?

**CHIEF PRESIDENTIAL LEGAL COUNSEL SALVADOR PANELO:** Magandang gabi po, Ginoong Pangulo.

**PRESIDENT DUTERTE:** Magandang gabi.

**SEC. PANELO:** Senator Christopher Lawrence Go, ang Chairman ng Senate Committee on Health; at ang mga kasamahan po natin; at sa lahat ng manggagawa ng pamahalaan.

Gusto ko lang pong ipaabot sa inyo, Ginoong Pangulo, ang taos-pusong pasasalamat at pagkilala sa suportang binibigay ninyo sa mga LGUs, partikular na po 'yung mga dinaanan ko noong Sabado at Linggo sa Iloilo, Capiz, at sa Bacolod.

Sa paanyaya po ng Leganes Mayor Junjun Jaen, ako po ay nagpunta upang alamin ko 'yung kanilang mga immediate concerns, 'yung mga madaliang pangangailangan. Doon ho sa Tapaz iyong kay Mayor Palomar --- [*President Duterte: Baka aabot tayo ng Zamboanga nito ha?*]--- pagdating ko po doon nagkataon naman na mayroong isang libo --- isang libo po na mga tricycle drivers na nakapila sa --- may social distancing, at tuwang-tuwa sila, nagsisisigaw sila noong ako'y nakilala nila at sinabi ko, "Oh, kinukumusta kayo ni Presidente". Lyon pala, itong si Senador Christopher Bong Go, eh 'yung kanyang budget diyan sa Senado, sa pamamagitan --- pinadaan niya sa kila Secretary Bautista --- aba'y nagbigay ng ayuda na tatlong libo. Eh can you imagine kung tatlong libo eh, isang libong tricycle drivers. Kaya ho tuwang-tuwa sila. Malaking pasasalamat sa administrasyon daw ninyo.

Mr. President, can you also prevent the people from clamoring and urging you and asking you to run for the presi --- for the vice presidency?

**PRESIDENT DUTERTE:** Gusto talaga ninyo? Oh, sige, tatakbo ako ng bise presidente. Then I will continue the crusade. I'm worried about the drugs, insurgency --- well, number one is insurgency, then criminality, drugs.

I may not have the power to give the direction or guidance, but I can always express my views in public. For whatever it may be worth in the coming days, nasa Pilipino na 'yan. Nandiyan lang ako, magsabi lang ako.

Okay na 'yan, Sal? So, Sal, congratulations, you are doing well. At magpapasalamat rin ako doon sa mga tao na nagpapasalamat sa atin. Actually, hindi 'yan sila kailangan magpapasalamat. Trabaho natin 'yan.

They do not have to know --- you know, nurture gratitude in their hearts, for that is --- it does not have meaning to us, tayong sa gobyerno. As I have said, we are workers of government and we

work for the people, period. And if you ask any more questions, 'wag kang mag-alala we are paid already. So ano pang kailangan namin?

Okay, with that, I'd like to bid good night to the Filipino nation and thank you for your --- thank you for participating --- listening to us. *[applause]*

**--- END ---**